

Mga Protokol para sa Muling Pagbubukas ng mga Pampublikong Palanguyan

Kamakailang mga Pagbabago: (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

12/7/20:

- Ang mga panloob na palanguyan (indoor pools) ay maaaring magbukas LAMANG para sa mga klase tungkol sa pag-iwas sa pagkalunod, kabilang ang mga leksiyon sa paglangoy kasama ang mga sertipikadong tagapagturo. Ang mga panlabas na palanguyan (outdoor pools) ay maaaring bukas para sa mga klase tungkol sa pag-iwas sa pagkalunod, kabilang ang mga leksiyon sa paglangoy kasama ang mga sertipikadong tagapagturo, at para sa napangasiwaang paglangoy ng lap (isang manlalangoy kada lane).

12/03/20:

- Ang mga pantakip sa mukha ay dapat na isuot ng mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko, kabilang ang mga kubiko na nilagyan ng mga partiyon. Ito ay isang pansamantalang hakbang bilang pagtupad sa pansamantalang UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN na inilabas noong Nobyembre 28, 2020. Ang pag-aatas (requirement) ay epektibo mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 at hanggang sa karagdagang abiso.
- Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, ang mga empleyado ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa ibang mga tao at dapat na gawin ito pag nasa labas, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom).
- Ang madalas na mahawakang ibabaw ay dinidisipekta oras-oras.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health) ay ipinagtitibay ang isang baitang baitang na pagtugon (staged approach), suportado ng siyensya (science) at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan (public health expertise), na nakahanay sa planong-daan (roadmap) ng California upang payagan ang ligtas na muling pagbubukas ng mga pampublikong palanguyan (public swimming pool). Kabilang sa mga pampublikong palanguyan ay ang mga palanguyan sa lugar ng kampo, mga palanguyan ng club, mga komersyal na palanguyan, mga pangkalusugan o fitness club, mga palanguyan ng hotel, mga palanguyan ng mga lisensyadong pasilidad ng pangangalaga, mga palanguyan ng medikal na pasilidad, mineral spring na mga palanguyan, mga palanguyan ng motel, mga palanguyan ng munisipalidad, mga palanguyan ng pampubliko o pribadong paaralan; mga palanguyan na panglibangan o ng mobile na parkeng tahanan, mga palanguyan ng resort, mga palanguyan na may espesyal na layunin, at mga palanguyan ng paaralan sa paglangoy.

Mga hot tub/jacuzzi/pool ng spa, mga parke ng tubig (water park) at mga splash pad na matatagpuan sa loob ng mga panlibangang parke (amusement park) ay mananatiling sarado hangga't payagang magpatuloy ng binago o ganap na operasyon.

Ang mga panlabas na palanguyan (outdoor pools) ay pinapayagan na magbukas lamang para sa napangasiwaang paglangoy ng lap at mga klase sa pag-iwas sa pagkalunod, kabilang ang mga leksiyon sa paglangoy kasama ang mga sertipikadong tagapagturo.

Ang mga panloob na palanguyan (indoor pools) ay pinapayagan na magbuas lamang para sa mga klase sa pag-iwas sa pagkalunod, kabilang ang mga leksiyon sa paglangoy kasama ang mga sertipikadong tagapagturo.

Ang mga padulasang-tubig (water slides), mga pagsakay (rides) o iba pang mga atraksyong-tubig sa palanguyan ay dapat na panatilihin nakasara.

Ang mga Palanguyan na Pangtahanan o Residential Swimming Pools (hal., mga palanguyan sa apartment na bahay, mga palanguyan ng bed and breakfast inn, mga palanguyan ng condominium, mga palanguyan ng asosasyon ng mga homeowner) ay inaatasan na sundin ang mga protokol para sa Muling Pagbubukas ng mga Palanguyan na nasa mga Pinagsasaluhang Pasilidad na Pangtahanan.

Ang lahat ng mga operator ng mga pampublikong palanguyan na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maghanda na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop.

Mangyaring tandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring baguhin kung mayroong magagamit na karagdagang impormasyon kung kaya't dapat tingnan ng madalas ang LA County website <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakarán at kasanayan sa lugar ng trabaho (workplace) upang maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang upang matiyak ang pisikal na pagdistansya (physical distancing)
- (3) Mga hakbang upang matiyak ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Mga hakbang sa komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang upang matiyak ang pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

Pangalan ng Negosyo:

Address ng Pasilidad:

Petsa ng Pagpaskil:

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-CHECK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

Ang lahat ng maaaring magsagawa ng kanilang mga tungkulin sa trabaho mula sa bahay ay

inaatasan na gawin ito.

- Ang mga kawaning mahihina sa sakit (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay pagkakalooban ng trabaho na maaaring gawin sa bahay hangga't maaari.
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit at sundin ang gabay ng DPH para sa sariling pagbubukod (self-isolation) kung naaangkop.
 - Lumikha ng talaan ng sinanay na mga kahalili na empleyado
 - Ang mga manggagawa ay pinagkakalooban ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay ay ipinagkaloob sa empleyado. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa [mga programa](#) ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng [Families First Coronavirus Response Act](#) at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ang mga pagkakalantad sa COVID-19 na naganap sa pagitan ng Marso 19 at Hulyo 5 alinsunod sa [Executive Order N-62-20](#) ng Gobernador.
- Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o nagkaroon ng mga sintomas katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na inihanda upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pagbubukod sa sarili ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga nakabukod na empleyado na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung nagkaroon ng karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.
- Sa kaganapan na ang may-ari, manager, o operator ay may nalaman na tatlo (3) o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal ng 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang pagkalat na ito sa Pampublikong Kalusugan (Public Health) sa (888) 397-3993 or (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- Ang [mga pagsusuri sa empleyado](#) (employee screenings) ay isinagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang empleyado ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, ng walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip sa mukha (face covering) na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may

maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip sa mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.

- Bilang pagtupad sa UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID 19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS (NG KASO) na inilabas noong Nobyembre 28, 2020, ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras maliban kung nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong partisyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang bisa sa panahong epektibo ang pansamantalang utos, mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang sa karagdagang abiso.
- Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming bilang ng pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga; at
 - Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pagpapahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na anim na talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap ng pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha.
- Ang mga empleyado ay hindi na kailangang magsuot ng isang telang pantakip sa mukha (cloth face covering) kapag lumulusong sa tubig.
- Ang mga lifeguard na aktibong ginagampanan ang kanilang tungkulin ay hindi inaasahan na subaybayan ang paghuhugas ng kamay, paggamit ng mga telang pantakip sa mukha o panlipunang pagdistansya (social distancing) ng ibang tao.

- Italaga ang isa pang empleyado na susubaybay sa pagpapatupad ng mga protokol sa panlipunang pagdistansya. Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na malaman kung sino at kung paano kokontakin ang taong ito.
- Ang mga panandaliang pagpapahinga ay tinatarya-tarya (staggered) upang matiyak na ang anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga empleyado ay napapanatili sa mga silid sa panandaliang pagpapahinga (break room).
- Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang mga empleyado ay pinahihintulutan ng madalas na pagtigil sa trabaho para hugasan ang kanilang mga kamay.
- Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- Opsyonal – Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- Ang mga panlabas na palanguyan (outdoor pools) ay maaari lamang gamitin para sa napangasiwaang paglangoy ng lap (isang manlalangoy kada lane) mula Nobyembre 30, 2020 at hanggang sa karagdagang abiso. Limitahin ang paggamit ng pasilidad ng palanguyan upang matiyak na ang mga gumagamit ng palanguyan ay nakapagpapanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa mga taong hindi nila kasamang naninirahan, o 50% ng pinakamataas (maximum) na kapasidad ng gumagamit ng palanguyan.
 - Tukuyin ang kasalukuyang kapasidad ng gumagamit ng palanguyan: ____ Tukuyin ang 50% ng kapasidad ng gumagamit: ____
 - Isaalang-alang ang mga pagpapareserba sa paggamit ng palanguyan. Maaaring isama rito ang pagrereserba ng buong mga daanan para sa paglangoy ng individual lap at kalahating mga daanan para sa indibidwal na paggamit ng sambahayan.
 - Ang mga manlalangoy (lap swimmers) ay dapat na paalalahanan na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa mga taong hindi nila kasamang naninirahan. Maaaring kailanganin na limitahan ang bilang ng mga manlalangoy na maaaring gumamit ng iisang “lane” para sa paglangoy(lap swimming) sa kahit anong oras ng sa gayon ang mga manlalangoy ay makapagpanatili ng ligtas na distansya,
- Magtalaga ng (mga) tao na responsable para sa pagsubaybay at pagsisiguro na ang pinakamaraming bilang ng mga taong gumagamit ng palanguyan ay hindi lalagpas sa itinakda sa itaas. Ang itinalagang tao ay responsable rin na siguruhin na ang mga protokol na ito ay sinusunod araw-araw.
- Ang mga hakbang upang matiyak na ang panlipunang pagdistansya (ang mga indibidwal ay nananatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi nila kasamang naninirahan) ay naipatupad na.
 - Palitan ang pagkakaayos ng deck at iba pang mga lugar na pumapalibot sa palanguyan upang masiguro na ang mga lugar na tinatayuan at inuupuan ay maaaring sumuporta sa mga

kinakailangang pisikal na pagdistansya, habang nagpapanatili ng isang malinaw na espasyo ng deck na 4 na talampakan sa palibot ng palanguyan, na inatas ng batas ng Estado. Maaaring kabilangan ito ng pagtatanggal ng mga upuan o paghaharang sa mga lugar upang dismayahin ang paggamit.

- Pagkakaloob ng pisikal na mga hudyat o gabay (halimbawa, mga linya ng lane sa tubig o mga upuan at mga mesa sa deck) at mga nakikitang palatandaan (halimbawa, tape sa mga deck, sahiag, o bangketa) at mga senyales para masiguro na ang mga bisita at manlalangoy ay nananatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo, kapwa sa loob at labas ng tubig.
- May mga puwang na locker na magagamit sa mga silid ng locker para mapanatili ang pisikal na pagdistansya.
- Ang mga silid ng bihisan at mga banyo ay binabantayan upang siguruhin na ang bilang ng mga taong sabay-sabay na nasa loob ay nagpapahintulot ng wastong pisikal na pagdistansya.
- Ipinagbabawal ang mga pagsalo-salo (party) o pagtitipon sa lahat ng mga karaniwang lugar kabilang ang palanguyan.
- Eksepsyon ang mga klase tungkol sa pag-iwas sa pagkalunod kasama ang mga sertipikadong tagapagturo, na itinuturing na kinakailangan (essential), ang iba pang mga uri ng leksiyon sa paglangoy ay itinitigil sa buong panahon ng Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng COVID-19. Kapag ang iba pang mga uri ng leksiyon sa paglangoy ay pinayagang magpatuloy, ang mga tagapagturo ng paglangoy ay dapat na nagtuturo mula sa deck ng palanguyan. Para sa mga klase na nangangailangan ng harapan o malapitang pakikisalamuha, irekomenda na magkaroon ng isang magulang o miyembro ng parehong sambayanan sa tubig kasama ang bata. Ang mga kalahok ng grupong pagtuturo ng paglangoy at ang mga nanonood sa deck ng palanguyan ay dapat magpanatili ng pisikal na pagdistansya na anim na talampakan.

C. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Ang mga bisita na dumarating sa palanguyan ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, o nasa tubig) habang nasa palanguyan o sa nasasakupang lupa ng pasilidad. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang tagapagbigay ng medikal na huwag magsuot ng pantakip sa mukha ay hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check-in, o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
- Magsagawa ng isang pagsusuri sa kaligtasan ng palanguyan upang matiyak na ang kimika (chemistry) ng palanguyan ay sapat para sa pagdidisimpekta at ang palanguyan ay nasuri na para sa pangkaligtasang kagamitan.
 - Ang wastong operasyon at pagmementena ay dapat na gawin upang hindi aktibo ang virus sa tubig.
 - Kumonsulta sa kompanya o inhinyero na nagdisenyo ng pantubig na lugar (aquatic venue) upang

mapagpasyahan kung aling [listahan ng mga pandisimpekta na aprubado ng EPA](#) ang pinakamahasay para sa aquatic venue.

- Para sa mga pasilidad na hindi na tumatakbo, padaluyin ang tubig na mainit at malamig sa mga kagamitang pantubig sa loob ng limang minuto bago muling magbukas para mapalitan ang lumang tubig sa mga tubo ng pasilidad ng isang sariwa at ligtas na tubig na magagamit.
- Ipatupad ang isang plano sa paglilinis at pagdisimpekta sa bawat paggamit ng mga madalas na hawakan na ibabaw at sa mga pinagsasaluhang bagay. Gumamit ng pandisimpekta na aprubado ng EPA. Ang mga sumusunod ay lilinisin at didisimpektahin nang **oras-oras**, sa sumusunod na schedule:
 - Mga hawakan at padulasan _____
 - Mga upuan ng silid-pahingahan, ibabaw ng mesa _____
 - Mga hawakan ng pinto at ibabaw ng mga banyo, mga estasyon sa paghuhugas ng kamay, estasyon sa pagpapalit ng lampin at mga shower _____
 - Mga kick board and pool noodle _____
 - Mga pasilidad na karaniwang ginagamit (hal., mga locker) _____
 - Mga banyo at shower _____
 - Iba pa _____
- Siguruhin ang sapat na kagamitan para sumuporta sa maayos na panglinis ng katawan sa lahat ng oras. Ang mga gamit ay kinabibilangan ng sabon, hand sanitizer na may 60% alkohol, mga tuwalyang papel, tisyu at basurahan.
- Isaayos ang isang sistema ng sa gayon ang kasangkapang-bahay (hal. upuan ng silid-pahingahan) o iba pang mga bagay na karaniwang ginagamit na dapat ay nililinis at dinidisimpekta ay nakatabi ng hiwalay mula sa mga nalinis at nadisimpekta na kasangkapang-bahay o iba pang pinagsasaluhan na karaniwang ginagamit na mga bagay
 - Siguruhin na ang pinagsasaluhang kasangkapang-bahay, kagamitan, mga tuwalya ay protektado mula sa pagka-kontaminado bago gamitin.
- Ang mga bukal na inuman (drinking fountain) ay natatakpan para maiwasang gamitin
- Huwag hikayatin ang mga gumagamit ng palanguyan na pagsalu-saluhan ang mga bagay, partikular yong mga mahihirap linisin o disimpektahin o yong mga nilalayong idikit sa mukha (hal., goggles, mga klip sa ilong, at mga snorkel).
- Siguruhin na ang pasilidad ay may sapat ng kagamitan para sa mga gumagamit ng palanguyan, gaya ng mga kick board, pool noodle, at iba pang mga aparato sa pagpapalutang, para mabawasan ang pagsasalo-salo saanman maaari. Limitahan ang paggamit sa isa-isa sa iisang oras at linisin at disimpektahin ang lahat ng mga bagay pagkatapos gamitin.
- Ang mga indibidwal ay dapat na magdala ng sarili nilang mga tuwalya sa palanguyan at hindi dapat magbahagi ng mga tuwalya sa mga taong nasa labas ng kanilang sambahayan.
- Labhan ang mga tuwalya ayon sa mga instruksyon ng tagagawa. Gamitin ang pinakamaligamgam na naaangkop na temperatura ng tubig at ganap na tuyuin ang mga bagay.
- Siguruhin na ang mga sistema ng bentilasyon sa mga panloob na espasyo ay gumagana ng wasto. Kung maari, siguruhin na ang bentilasyon ay nadagdagan.
 - Isaalang-alang ang pagkakabit ng gumaganang air cleaner, pagtaas sa mga uri ng air filter ng gusali sa pinakamahasay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang labas na hangin at bentilasyon sa lahat ng mga lugar ng trabaho.

D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA MGA EMPLEYADO AT PUBLIKO

- Ang isang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa palanguyan.
- Isang karatula ay nakapaskil sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad ng palanguyan para ipagbigay-alam sa mga gumagamit na:
 - Manatili sa bahay kung sila ay may sakit o may mga sintomas na palatandaan ng COVID-19.
 - Magpanatili ng panlipunang pagdistansya na anim na talampakan mula sa mga hindi miyembro ng sambahayan hangga't maaari at huwag sasali sa anumang hindi kinakailangang pisikal na pakikisalamuha sa palanguyan.
 - Madalas na maghugas ng mga kamay o gumamit ng sanitizer sa pagpasok sa pasilidad ng palanguyan.
 - Magsuot ng pantakip sa mukha kapag naglalakbay sa mga karaniwang lugar ng pasilidad, kabilang ang papunta at pagmula sa palanguyan at sa mga napagsasaluhang banyo. Paalalahanan ang mga manlalangoy na tanggalin ang telang pantakip sa mukha kapag lumulusong sa tubig.

E. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PANTAY NA PAGKUHA SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer/residente ay binigyan ng prayoridad
- Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang pagkuha sa mga kalakal at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Maaari ka ring makahanap ng gabay mula sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control & Prevention) para sa panlipunang pagdistansya at mga patnubay sa pagdisimpekta ng pasilidad/ibabaw sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/parks-rec/aquatic-venues.html#anchor_1589978994218